Boston Business School
520 North Bridge Road
#03-01 Wisma Alsagoff
Singapore 188742
Tel : (65) 6238 7638
Fax : (65) 6238 8178
Email: enquire@bostonbiz.edu.sg
Web : www.bostonbiz.edu.sg

BOSTON BUSINESS SCHOOL
Tomorrow's Education, Today

Sistema ng Proteksyon sa mga Babayarin

Kami ay naatasan ng Sangguniang Pampribadong Edukasyon (Council for Private Education o CPE) na ipa-tupad ang kompulsaryong Sistema ng Proteksyon sa mga Babayarin (Fee Protection Scheme o FPS) upang makapagbigay proteksyon sa lahat ng babayarin ng lahat ng mag-aaral na local at mula sa ibang bansa.

Ang mga babayarin ay tumutukoy sa lahat ng pera o salapi na ibinabayad ng mga mag-aaral upang makapagreghistro sa "Boston Business School" liban sa mga babayaring miselanyos. Ang mga babayaring miselanyos ay tumutukoy sa anumang babayaring hindi kompulsaryo at mga babayaring hindi pangkaraniwan na binabayaran lamang ng mag-aaral kung kinakailangan o kung nararapat, halimbawa, babayarin para sa eksaminasyong "re-sit", babayarin ng muling pagrerehistro bila isang miyembro, atbp.

Ang FPS serves na bigyang protection ang mag-aaral laban sa pagkawal ng mga ibinayad sa pagkakataong hindi makapagtuloy ng operasyon ang "Boston Business School" dahil sa kawalan ng pondo o sa pagsasara alinsunod sa batas. Ang FPS ay nagbibigay din ng proteksyon sa mga mag-aaral kung kami man ay di makapagbayad ng mga multa o ng mga "return fees" sa mga mag-aaral dahil sa paghatol ng alinmang hukuman ng Singapore.

Ang "Boston Business School" ay nagpatupad ng sistema ng "insurance" o seguro kaugnay ang "Lonpac Insurance BHD" para sa FPS. Alinsunod sa sistemang ito, ang mga mag-aaral ay maaaring magbayad ng kanilang mga babayaring pamproteksyon at pang miselanyos ng direkta sa "Boston Business School Pte Ltd" sa "DBS Account No. 003-901554-2" sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan:

- Chekeng may ekis sa halaga ng SGD (SGD crossed cheque)
- Salapi sa halaga ng SGD (SGD cash)
- "Cashier's order"
- "Bank draft"
- Padalang telegrapiko (Telegraphic transfer)
- "NETS"

Alinsunod sa sistema ng babayaring pang-seguro o "fee insurance scheme", kami ay bumubili ng isang proteksyong pang-seguro para sa bawat isa ng aming mga mag-aaral upang bigyang proteksyon ang kanilang babayarin. Maaaring malaman ng mga mag-aaral kung nabigyan proteksyon na ang kanilang mga babayarin alinsunod sa FPS sa pamamagitan ng pagpunta sa website ng CPE at pagpindot sa "Quick Links for students" sa ilalim ng 'Are my school fees protected?'.

Chambers Translation Services
This translation accurately reflects the meaning of the attached original

www.chamberstranslations.com
Registration No: 1990[illegible]

CHAMBERS TRANSLATION SERVICES
SINGAPORE
PEACE CENTRE #03-09